

 **Philippine Biblical Worldview Institute**  
**Certificate in Christian Ministries**

**1100 Christian Leadership ©**

**Conrad Jun Tolosa**

Revised March 14, 2020

**1105. Ang Leader Director**

Ang 1 Timothy 5:17 ay nagsasabing, *Pag-ibayuhin ninyo ang ibinibigay sa elder na mahusay mamahala, lalo na yaong nangangaral at nagtuturo ng salita ng Diyos.* Ang magbigay ng direksyon sa iglesya tungo sa katuparan ng Great Commission na maipahayag ang mabuting balita at gumawa ng mga alagad sa lahat ng bansa ay mahirap na gawain. Kabilang sa pagbibigay ng direksyon ay ang Pagpaplano, Pagpapatupad, Pagtimbang, at masusing Pag-sasaayos.

*A. Ang pagpaplano (Planning)*

Ang pagpaplano ay ang pagmamapa ng isang lakbayin. Ang plano ay talaan ng magkakasunod na aktibidad ayon sa panahon na itinakda para sa pagsasakatuparan ng layunin. Ito ang pagsasagawa ng mga ninanais na resulta. Samakatuwid, ang plano ay may sistema o pamamaraan. Ito ay tiyak. Ito ay kayang maipatupad. Ito ay may direksyon o patutunguhan. Hindi ito pagala-gala o paikot-ikot na walang tiyak na paroroonan.

Ang Diyos ay may plano para sa bawat isa. Hindi isang detalyadong plano na gaya ng kung saan ka maninirahan, anong klaseng trabaho ang iyong pagkakaabalahan, saang simbahan ka sasapi o kung sino ang iyong pakakasalan. Ang plano Niya para sa atin na nakalahad sa Bibliya ay kung paano tayo dapat mamuhay, paano maglingkod sa Kanya at sa ating kapwa, paano sumamba, paano makisama sa kapatiran, kung ano ang mga katangiang dapat hanapin sa nais mapangasawa. Ang planong ito ay tumutukoy sa pagnanais ng Diyos na lumago tayo sa tunay na pag-unawa sa Kanyang kalooban at upang matupad natin ang ating ministeryo sa ating pamilya at kapwa. At ang Diyos ay hindi lamang may plano para sa atin kundi nais Niyang isakatuparan natin ang Kanyang plano sa ilalim ng Kanyang patnubay at direksyon. Sa pagpapatupad ng planong ito ng Diyos, kinakailangan tayong matutong magplano para sa ating sarili at sa ating samahan.

Si Apostol Pablo sa Philippians 2:12-13 ay nangangaral ng ganito: *Magpatuloy kayo sa paggawa hanggang sa malubos ang inyong kaligtasan, sapagkat ang Diyos ang nagbibigay sa inyo ng pagnanasa at kakayahang maisagawa ang Kanyang kalooban.* Pansinin natin ang mga katagang *magpatuloy sa paggawa* bilang bahagi ng ating gagampanan at ang mga katagang *ang Diyos ang nagbibigay* bilang bahagi naman ng Diyos. Sa madaling salita, ating isagawa palabas ang ginagawa ng Diyos sa ating kalooban.

Kapag ang Diyos ay nagsabi sa atin na gawin ang isang bagay, makatitiyak tayo na pagka-kalooban Niya tayo ng sapat na panahon, kahusayan at kagamitan upang matapos natin ang bagay na iyon sa ilalim ng Kanyang patnubay.

*A.1. Ang mga hakbangin sa pagpaplano: Ano, Paano, Magkano*

1) Pagtatakda ng pakay (goal setting). Ito ay ang pagpapahayag ng resulta ng pangitain. Ito ay ang pagpapasya ng objectibo. Ito ay ang paglilinaw ng punto ng tagumpay ng isang gawain sa loob ng naka-

takdang panahon. Ang layunin sa Genesis 1:26 ay *tao ayon sa wangis ng Diyos*. Ang layunin sa Genesis 11:4 ay *lungsod na may tore na abot hanggang langit*. Sa James 4:13 ang layunin ay *kumita ng salapi*. Ang tanong dito ay ito: Ano ang dapat kong gawin upang maisakatuparan ko ang aking layunin?

2) Paggawa ng programa (programming). Ito ay ang mga aktibidad na napapaloob sa mga hakbangin na magdadala sa katuparan ng layunin. Ang tanong dito ay ito: Paano ko maaabot ang aking layunin? Sa Genesis 2:7, isinakatuparan ng Diyos ang Kanyang layunin na gumawa ng tao mula sa alabok at sa pamamagitan ng paghinga sa ilong nito ng hininga ng buhay. Sa Genesis 11:3, ang layunin ay upang makaabot sa langit sa pamamagitan ng mga tisa at alkitran. At sa James 4:13, sa paggugol ng isang taon sa lungsod at pagiging abala sa negosyo. Ang paggawa ng programa ay katulad ng paggawa ng hagdanan na binubuo ng iba't-ibang baitang na maghahatid sa iyong ninanais na destinasyon.

3) Paglalaan ng gugugulin (budgeting). Ito ay ang pagpapahayag ng layunin sa usapang oras, trabaho at kagamitan. Ang tanong dito ay ito: Magkano ang aking gagastusin upang matupad ang aking layunin? Sa Genesis 41, ibinilang ni Joseph sa kanyang plano ang sapat na panahon, ang listahan ng mga uri ng trabahador, ang pasilidad na kakailanganin at ang sistema ng pagpapataw ng buwis sa ani. Mayroon siyang pitong taon para isakatuparan ang plano. Kinailangan niya ng mga commissioner ng mga lupain, tagacolecta ng buwis, katiwala at kawanging pang-seguridad. Samakatuwid, ang pagba-budget ay ang pagpapahayag ng lahat na kakailanganin sa usaping pananalapi.

#### A.2. Ang proseso ng pagpapalano

May mga nagsasabi na ang pagpapalano ay nakatatanggal ng kalayaan sa Banal na Espiritu na gabayan ang iglesia. Ang mga tanong bago ang lahat ay ito: Naaayon ba sa Bibliya ang pagpapalano? Ano ang mga katangian ng mabuting plano? Ano ang napapaloob sa proseso ng pagpapalano?

1) Ang pagpapalano ba ay ayon sa Bibliya?

Ang Bible ay nagtuturo sa atin ng ganito: *Ang mga pag-iisip (plano) ng matuwid ay ganap . . .* (Proverbs 12:5); *lukol mo sa Panginoon ang iyong mga gawa at ang iyong mga panukala (plano) ay matatatawag* (Proverbs 16:3); *Ang mga pag-iisip (plano) ng masipag ay patungo sa kasaganahan lamang, ngunit bawat nagmamadali ay patungo sa pangangailangan lamang* (Proverbs 21:5). Sa tatlong mga talatang ito, ang pagpapalano ay binanggit. Ito ay gawaing sinimulan ng Diyos. Na ang pagpapalano ay nagtatanggal ng pagtitiwala sa Diyos ay maling kaisipan.

2) Ano-ano ang mga katangian ng mabuting plano?

Ang mabuting plano ay yaong *matuwid*. Ito ay sang-ayon sa kalooban ng Diyos. Ito ay nakapaloob sa mismong pangkabuoang plano ng Diyos. Hindi ito sumasalungat sa anumang Kautusan. Ang plano ng Diyos para sa tao ay punuin ang mundo, ang plano ng mga tao sa Genesis 11 ay magtipon sa isang lugar upang maiwasan ang pangangalat nila sa balat ng lupa. Ang plano ng Diyos sa tao ay ang maluwalhati niya ang Diyos, ang plano ng mga tao sa Genesis 11 ay luwalhatiin ang tao.

Ang mabuting plano ay *kumikilala sa kadakilaan at kapangyarihan ng Diyos* upang ang papuri sa tagumpay ay maibigay sa Diyos. Walang mali sa plano na nabanggit sa James 4:13-14 maliban sa ang nagpanukala nito ay hindi kumilala sa kadakilaan ng Diyos. Ito ay nagpapahayag sa atin na ang plano ay hindi nakasentro sa Diyos kundi sa tao.

Ang mabuting plano ay *pinag-iisipang mabuti*. Bawat bahagi nito ay maingat na pinag-aaralan. Ang mabuting taga-panukala ay laging inaalang ang puno't dulo ng plano. Naniniwala siya sa sinasabi ng

Proverbs 21:5, “Ang mabuting pagbabalak ay pinakikinabangan ngunit ang padalus-dalos sa pag-gawa’y walang kinahihinatnan.”

### 3) Ano ang napapaloob sa proseso ng pagpapalano?

Ang unang bagay na nakapaloob sa proseso ng pagpapalano ay *Consultation*: ang pagsangguni sa salita ng Diyos. Ang Kasulatan ay nagbababala sa atin na ang plano ay nabibigo sa walang kasanggunian subalit nagtatagumpay dahil sa maraming tagapayo (Proverbs 15:22). Sapagkat ang layunin ng tao ay ang mabigyang luwalhati ang Diyos, ano man ang kanyang planuhin ay kailangang isangguni sa Bibliya. Ang Bibliya ay naghahayag sa atin ng kalooban ng Diyos, ng Kanyang kalikasan, ng Kanyang mga kaparaanan at ng Kanyang mga layunin. Ang malinaw na pagkaunawa sa mga kapahayagan ng Diyos na nagdaragdag ng karunungan ay nakakamtan sa pamamagitan ng masikap na pag-aaral ng Kanyang Salita. Kung walang payo na makadiyos, ang plano ay magtatapos lamang sa mga bagay na walang pangmatagalang mabuting epekto, kung kaya sa huling pagsusuri, nananatiling bigo kahit na ito ay nagmukhang matagumpay. Tunay na walang kabuluhan ang planong walang naging pagsangguni sa Diyos. Bukod dito, ang plano ng tao ay hindi lamang limitado sa kabuluhan o kahalagahan, kundi ito ay maaari pang maging labag sa kautusan ng Diyos kung tayo ay hindi mag-iingat. Ang kasulatan ay nangangaral sa atin: *Humingi ka ng payo kung ikaw ay magpapalano, kung wala kang gabay huwag kang pumalaot sa labanan* (Proverbs 20:18). Samakatuwid, ang pagsangguni sa mga tagapayo ay kasama sa unang hakbang na ito.

Ang ikalawang hakbang ay ang *Deliberation*. Ang Salita ng Diyos ay magkakaroon lamang ng malinaw na kabuluhan kung matututong umasa sa Espiritu ng Diyos para sa kaunawaan. Hindi tayo makaasa na maintindihan natin ang kalaliman at hiwaga ng Salita ng Diyos sa paggamit lamang ng ating limitadong karunungan. Ang Banal na Espiritu ang nagkakaloob ng kapangyarihang maliwanagan natin ang isang bagay. Ito ay ibinibigay sa mga taong humihingi, naghahanap at kumakatok (Matthew 7:7). May mga pagkakataon na pinaniniwala tayo ng ating sarili na ang liwanag na ating natatanaw ay nagmumula sa Diyos gayung ito ay nagmumula lamang sa ating maka-mundong pagnanasa. Kung kaya mas mabuting ipasubok ang ating plano sa mga kaibigang umaasa din sa Diyos para sa karunungan at pang-unawa. Kung ang plano ay umaayon sa Salita ng Diyos, ito ay mapagkikilala at mahihimay-himay ng mga kaibigang may taglay na karunungan sa pamamagitan ng usapan at tanungan o deliberasyon.

Ang ikatlong hakbang na nakapaloob sa proseso ng pagpapalano ay ang *Decision Making*. Matapos ang consultation at deliberation, kailangan na ang pagdedesisyon. Ang producto ng buong prosesong ito ay ang pagpapatupad o implementasyon ng napagkasunduang plano. Marami sa mga plano ang nagtatapos sa filing cabinet lamang dahil sa kakulangan ng kumpiyansa sa kakayahan ng mga taong nag-approve ng plano. Nangyayari ito kung ang pagsangguni at deliberasyon ay hindi naging kasiya-siya. Subalit, kung ang una’t dalawang hakbang ay maingat na isinagawa, ang proseso ng pagdedesisyon ay magiging maayos at hindi mahirap. At ang mga desisyong ginawa na may kasamang pagtitiwala sa Diyos ay magbubunga ng kasiglahan.

Ang procedure na napapaloob sa proseso ng pagpapalano ay *Consultation, Deliberation, bago Decision*. May mga lider na nagkakamali na gumagawa muna ng decision bago magkaroon ng pagsangguni at deliberasyon para lang masabing nagkaroon ng partisipasyon ang ibang tao.

#### *B. Ang pagpapatupad (Execution)*

Ang pagpapatupad ay ang actual na pagsasagawa ng iba’t-ibang mga hakbang na binalangkas sa napagkasunduang plano. Ito ay nagsisimula sa pagtatapos ng mga prosesong pag-o-organize at pagpapalano. Kabilang dito ang a) pagbibigay-alam ng company goals, programs and general job description ng bawat kabahagi sa organisasyon, b) ang kaugnayan ng bawat bahagi sa isa’t isa, c) ang

pagpapaliwanag ng mga expectations sa bawat bahagi ng organisasyon at d) ang paraan ng pag-sukat ng performance upang makapagsagawa ng evaluation sa takdang panahon kung ang iba't ibang bahagi ng organization ay effective at efficient.

### *C. Ang pagtitimbang (Evaluation)*

Ang pagtitimbang ay ang proseso ng paghahambing ng resulta sa ninanais na layunin. Ito rin ang pagtitiyak ng sanhi ng tagumpay, kakapusan o depekto ng isang programa, proseso, sistema o sa pagkakaganap ng trabaho. Ang panapanahong pagtitimbang ay kinakailangan upang makagawa ng mga hakbang na pagwawasto sa tamang pagkakataon nang sa ganoon ay mapapaliit ang kalugihan at maiiwasan ang pagbagsak ng programa. Sa prosesong ito kinakailangan ang matatag na pagdedesisyon. Ang pagwawasto ay kadalasang nagdudulot ng pagkahiya at pangit na damdamin. Ang mahusay na lider ay hindi natatakot gumawa ng mahihirap na desisyon. Sa prosesong ito kinakailangang magkaroon ng matinding pag-iingat upang sa gayon 1) ang sisi sa pagkakaroon ng mababang produksyon ay hindi mailagay sa trabahador kung ang kakulangan o depekto ay nasa proseso o sistema, o ang kabaligtaran nito, at 2) ang pagbibigay ng papuri ay maipagkaloob sa kung sino man ang dapat parangalan. Sa prosesong ito natutukoy at nabibigyang kalutasan ang mga problema.

### *D. Ang pagbabago (Revision)*

Ang masusing pagwawasto ay kinabibilangan ng rebisyon o pagbabago. Ang gawaing ito ay kailangan sa simpleng dahilan na tayo ay tao lamang na may mga kakulangan. Hindi binalak ng Diyos na gawin tayong perpekto sa ating laman. Habang tayo ay nasa ating pisikal na katawan, makatitiyak tayo na magkakaroon ng pagkakamali sa calculasyon o sa pagpapasya sa ilang bahagi ng pagpapalano, pagpapatupad at pagtitimbang. Bukod dito, ang mga kondisyon sa ating paligid ay nagbabago. Minsan ito ay marahan, minsan ay marahas. Kinakailangan matutuhang makibagay sa mga pangyayari at hindi magmatigas upang makatugon o kung minsan ay makiayon sa dikta ng bagong sitwasyon. Ang mga pagbabago, kung minsan ay hindi lamang kanais-nais kundi kinakailangan. Gayun pa man, kung tayo ay gagawa ng pagbabago, siguraduhin na ito ay para sa ikabubuti ng programa. Hindi dapat isagawa ang pagbabago para lamang magkaroon ng pagbabago o para makisabay sa uso. Ang pagbabago ay dapat lamang gawin upang mas magiging epektibo at mahusay yaong ating binabago. Sa pagkakaroon ng pagbabago, mahalagang isaisip ang matandang kasabihang: Kung hindi naman sira ay huwag ayusin.

### *Summary*

Included in providing direction are: a) Planning (goal setting, programming, budgeting), b) Execution, c) Evaluation, and d) Revision. The order of the planning process is Consultation then Deliberation before Decision.

### ***Pag-isipan:***

1. Ano ang mga bahagi ng pagbibigay ng direksyon?
2. Ano ang mga bahagi ng plano?
3. Paano naisasakatuparan ang plano?

### **I. Multiple choice**

1. Ang plano ay
  - a. Talaan ng magkakasunod na aktibidad na itinakda para sa pagsasakatuparan ng layunin.
  - b. May Sistema o pamamaraan.
  - c. May direksyon o patutunguhan
  - d. All of the above



2. Ang Diyos ay may plano para sa bawat isa sa atin.
  - a. Ito ay detalyadong plano na ibinibigay Niya sa atin.
  - b. Ito ay nakalahad sa Bibliya tulad ng kung paano tayo mamuhay at maglingkod sa Kanya at sa ating kapwa.
  - c. All of the above.
  
3. May tatlong hakbang ang pagpapalano:
  - a. Sino, paano, magkano
  - b. Ano, paano, magkano
  - c. Ano, kalian, magkano
  - d. All of the above
  
4. Ang pagtatakda ng pakay ay may kinalaman sa
  - a. Pagpapahayag ng resulta ng pangitain
  - b. Paglilinaw ng punto ng tagumpay ng isang gawain sa loob ng nakatakdang panahon.
  - c. All of the above
  
5. Ang paglalaan ng gugugulin ay may kinalaman sa
  - a. Pananalapi lamang
  - b. Trabaho lamang
  - c. Oras, trabaho at kagamitan
  
6. Ang proseso ng pagpapalano ay ang mga sumusunod:
  - a. Consultation, decision-making, execution
  - b. Consultation, deliberation at decision-making
  - c. Consultation, execution, evaluation
  
7. Ang execution o pagpapatupad ng plano ay
  - a. ang actual na pagsasagawa ng mga hakbang ng napagkasunduang plano
  - b. ang pagsasagawa ng iminungkahi ng ilan sa mga kasamahan
  - c. all of the above
  
8. Ang pana-panahong pagtitimbang ay kinakailangan upang
  - a. mapahiya ang liderato sa kanilang mga desisyon.
  - b. makagawa ng pagwawasto sa tamang panahon at maiwasan ang pagbagsak ng programa.
  - c. mabago ang buong programa.
  
9. Ang mahusay na leader ay
  - a. natatakot gumawa ng mga mahihirap na desisyon.
  - b. hindi natatakot gumawa ng mahihirap na desisyon.
  - c. naghahanap ng sisihin kapag nagkaproblema sa programa.
  
10. Ang pagbabago o revision ay ginagawa sapagkat
  - a. tayo ay mga tao na may kakulangan din.
  - b. hindi ginawa ng Diyos na tayo ay maging perfect sa ating kaalaman.
  - c. Ang mga kondisyon sa ating paligid ay nagbabago rin.
  - d. All of the above

## II. Short Essay (250 words – 20 points)

Ano ang iyong mga natutuhan sa ating mga pinag-aralan patungkol sa mapaglingkod na pamumuno?

**Note:**

1. *Ang essay ay maaaring isulat sa English, Tagalog or Taglish.*
2. *I-submit ang essay sa iyong Pastor.*



© Revised: March 14, 2020 Conrad Jun Tolosa

All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.